


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagmamalasakit sa Kapuwa



Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagmamalasakit sa Kapuwa
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rhoda S. Bordallo, Jeremiah G. Miralles

Editor: Caridad P. Baginon, Vivien Espinosa

Tagasuri: David C. Alcober, Jennifer M. Dejarlo-Alvior

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 5:
Pagmamalasakit sa Kapuwa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Naranasan mo na bang tumulong sa iyong kapuwa? Ano ang pakiramdam kung nakatutulong ka sa iba? Bakit mahalaga ang pagmamalasakit sa kapuwa?

Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay kilos ng pagmamahal. Kaugnay nito ang pagpauubaya sa sariling kapakanan para sa ikabubuti ng kapuwa.

Sa modyul na ito, inaasahang iyong malinang ang sumusunod na kakayahan at kasanayan:

Natutukoy ang mga kilos na nagpapamalas ng pagmamalasakit sa kapuwa

- Naibabahagi ang saloobin sa kahalagahan ng pagmamalasakit sa kapuwa
- Nakapagtataya ng karanasan sa pagpauubaya sa sariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa



Subukin

Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang **Oo** kung ang sumusunod na sitwasyon ay ginagawa mo na at **Hindi** kung hindi mo pa ito ginagawa.

1. pagbibigay ng upuan sa isang matanda
2. pagpaalala sa mga kaibigan na bawasan ang oras sa paglalaro
3. pagbabahagi ng baong tinapay sa kaklaseng gutom
4. pakikipag-agawan sa pagkaing ipinamimigay
5. pagbibigay ng paggalang sa mga nakatatanda
6. pagpapakita ng pagmamahal sa pamilya
7. pagtulong sa mga gawain sa bahay
8. pagbibigay ng mga damit sa mga nasalanta ng kalamidad
9. pag-aalalay sa matanda sa pagtawid sa daan
10. pagbibigay ng baon sa kaklaseng walang pang meryenda

Aralin

1

Pagmamalasakit sa Kapuwa

Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay pagpauubaya sa sariling kapakanan para sa iba. Layunin nito ang pagsasaalang-alang sa ikabubuti ng kapwa. Iba-iba ang pagpapahayag ng pagmamalasakit. Depende ito sa hinihingi ng pagkakataon at sitwasyon.



Balikan

Suriin ang larawan at sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.



Lemuel P. Valle Jr.

1. Ano ang kanais-nais na ginawa ng bata sa nakatatanda ?
2. Ano ang mararamdaman mo kung ikaw ang nasa sitwasyon ng matanda? Bakit?
3. Ginagawa mo rin ba ang ginawa ng bata sa larawan? Bakit?



Tuklasin

Pinakamagandang halimbawa ng pagmamalasakit sa kapuwa ang ipinakita ng Diyos. Naglilingkod at inaaalay niya ang Kanyang buhay para sa kabutihan ng lahat. Wala siyang pinipili at lalong hindi. Siya naghihintay ng kapalit.

Basahin ang tula sa ibaba. Alamin kung paano ipinakikita ang pagmamalasakit sa kapuwa.

Malasakit sa Kapuwa

Maria Cyril Tonette M. Nombrado

Malasakit sa kapuwa ay gawing marangal
Ito'y kaiga- igaya sa ating Maykapal
Isapuso natin ang pagmamahal
At pag mamalasakit sa kapuwa ay ating ikarangal.

Sa panahon ng pandemya sa buong mundo
Dito makikita ang pagkakasundo
Pagpapahalaga sa kapuwa tao
Ang pagmamalasakit
ng tunay na Pilipino.

Huwag tayong maging sakim
Sa mga taong walang makain
Ibahagi ang mga biyaya natin
Si Ama ay nakatingin sa magaganda nating
gawain.

Mga tanong: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Anong katangian ayon sa tula ang dapat nating ikarangal?
2. Anong kilos ng pagmamalasakit ayon sa tula ang nais mong tularan? Bakit?
3. Bilang isang mag-aaral, ipauubaya mo rin ba ang iyong sariling kapakanan para sa kabutihan ng nakararami? Bakit?
4. Ano ang iyong nararamdamdaman kung ikaw ay tumutulong sa iyong kapuwa?
5. Sa kabuuan, ano ang iyong pag-unawa sa *pagmamalasakit sa kapuwa*?



Suriin

Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay makataong kilos ng pagmamahal. Ito ay *pagpauubaya ng pansariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa*. Kaugnay nito ang bukas-palad na paglilingkod na walang hinihintay na kapalit!

Ngunit ano nga ba ang *kabutihan*? Ano ang *kabutihan ng kapuwa*? Paano ba *magpauubaya*?

Ang **kabutihan** ay piniling kilos na naayon sa kagandang-asal. Tinatawag ito na **kagandahang-loob** o *kalinisan ng kalooban*. Mababanaag ito sa uri ng pakikitungo ng tao sa kanyang sarili at sa kapuwa. Tumutukoy din ito sa mga bagay o pangyayari na hindi nakapipinsala o nakasasakit kaninuman.

Sa magkakaugnay na konsepto, ang **kabutihan ng kapuwa**, ay magkaparehong *pagpapahalaga at tungkulin*. Ito ay batayan at tunay na layunin ng pagmamalasakit. Ito ang ipinababatid ni Mother Teresa sa kanyang pagkakawanggawa. Bilang tugon sa tawag ng pagmamahal, pinaglingkuran niya ang kapuwa sa pamamagitan ng:

1. mahusay na pagtupad ng tungkulin/gampanin
2. pagbabahagi ng yaman, talento at kakayahan
3. paglalaan ng panahon sa pagtulong sa mahihirap
4. pag-aaruga sa may sakit at karamdaman
5. pagsulong ng mga proyekto para sa pangangailangan ng kapuwa

Sa pagpauubaya, una nating tinutugunan ang pangangailangan ng iba. Nagpaparaya tayo sa ngalan ng kabutihan ng maluwag sa kalooban. Isinasantabi natin ang pansariling nais para sa pag-unlad at paglago ng kapuwa.

Bilang isang bata, mahalagang matutuhan mo ang pagkamapagmalasakit sa kapuwa. Ito ay isang magandang ugali na nagpapalalim ng iyongpakikipagkapuwatao. Maari mo itong maipababatid sa iyong pamilya, sa paaralan o pamayanan katulad ng sumusunod:

Sa Pamilya • Pag-uuna sa gawaing bahay bago ang paglilibang • Pag-aalaga sa kapatid kapag wala ang mga magulang • Pagpaparaya sa sariling kagustuhan para sa ikabubuti ng pamilya	Sa Paaralan • Pagtitipid ng pera para makaambag sa pangkatang gawain • Pagbabahagi ng baon sa kaklase na nagugutom • Pagpapahiram ng gamit sa kaklaseng may <i>special needs</i>
Sa Pamayanan/Lipunan • Pagkalinga sa mga may kapansanan/matatanda sa libreng oras • Pagsunod sa alituntuning pangkaligtasan/pangkalusugan kahit hindi ka komportable (hal. Pagsuot ng face mask/face shield, atbp) • Boluntaryong pagtulong sa mga nangangailangan na walang hinihintay na kapalit tulad ng mga nasalanta sa kalamidad, mahihirap at naapi.	



Pagyamanin

Ano ang gagawin mo sa sumusunod na sitwasyon? Isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Araw ng Sabado. Maagang namalengke ang nanay mo. Marumi ang mesa at may mga hugasing plato sa lababo.
 - A. Hindi ka maglilinis o maghuhugas ng kahit ano.
 - B. Lilinisin mo ang mesa pero iiwan ang mga plato sa lababo.
 - C. Lilinisin mo ang mesa at huhugasan ang mga plato sa lababo.
 - D. Hahayaang ang Nanay mo ang maghugas nito sa kanyang pagdating.
2. Araw ng Linggo, isinasama ka ng ate mo sa palengke. Alam mo na ikaw ang pagbubuhatin niya ng mga bibilhin niya.
 - A. Sasamahan mo siya sa palengke.
 - B. Sasabihin mong hindi ka makakasama dahil masakit ang iyong ulo.
 - C. Magdahilan na mag-aral para sa pagsusulit kaya hindi ka makasasama.
 - D. Sasabihin na bibisita ang iyong kamag-aral kaya hindi ka aalis.
3. Lunes ng umaga, nagsabi ang inyong lider na gagawa kayo ng *PowerPoint presentation* sa silid-aklatan pagdating ng *lunch break*.
 - A. Kaagad na sumang-ayon.
 - B. Sabihin sa lider na hindi ka puwede dahil *lunch break*.
 - C. Magdahilan na pagod ka dahil marami kang ginawa noong Linggo.
 - D. Imungkahi na magbayad ng gagawa para maganda ang pagkagawa.
4. May paligsahan sa inyong barangay sa paggawa ng *digital poster*. Para ito sa kalikasan kaya inaanyayahan ang lahat na makibahagi. May alam ka sa paggamit ng *computer*.
 - A. Makibahagi nang may pasubali.
 - B. Himukin ang iba na makibahagi.
 - C. Magkulong sa bahay sa araw ng paligsahan.
 - D. Magkunwaring walang nalalaman sa paggawa ng *digital poster*.
5. Naatasan kayong mag-ayos ng entablado na gagamitin sa pampaaralang programa. Nagboluntaryo si Rudy na bumili ng mga bagay na kailangan. Matagal bago nakabalik si Rudy dahil nakipagkuwentuhan pa ito sa kaklase. Dahil dito, natagalan din kayo sa pag-aayos ng entablado.
 - A. Sitahin siya sa pagkakaantala.
 - B. Hiyain si Rudy para maturuan ng leksiyon.
 - C. Iwanang mag-isa si Rudy para siya ang mapahiya.
 - D. Paalalahanan siya sa kahalagahan ng pagiging nasa takdang-oras.



Isaisip

Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay kilos ng pagmamahal. Naipababatid ito sa pagpauubaya ng pansariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa. Tunay na layunin nito ay kabutihan, kaya wala itong hinihintay na kapalit. Ang taong mapagmalasakit ay mapagparaya, maunawain at bukas-palad. Dahil sa pagmamahal, natututo tayong magparaya, umunawa at magmalasakit.

Ikaw, paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa kapuwa? Kopyahin sa isang papel ang “Pangako” sa ibaba. Punan ang bawat patlang ng tamang salita upang mabuo ang tunay na mensahe nito.

Ako si _____ (pangalan mo), bilang tanda ng aking pahayag ng pagmamalasakit sa kapuwa, tutuparin ko ng m____y ang aking mga tungkulin sa bahay, paaralan, at pamayanan. Sisikapin kong makapagbahagi ng aking _____, yaman at ka_____ sa mga nangangailangan na walang hininihintay na kapalit. Isasaalang-alang ko sa tuwina ang ka_____ ng aking kapwa sa lahat ng pagkakataon kaysa sarili kong interes.

Lagda



Isagawa

Ano ang gagawin mo sa sumusunod na sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.


1. Nakasabay mo sa kantina ang iyong kaklase. Nang magsisimula ka nang kumain. Napansin mong patingin-tingin lamang siya sa paligid. Tinanong mo kung bakit hindi pa siya kumakain. Mangiyak-ngiyak niyang sinabi na wala siyang baon. Ano ang gagawin mo? Bakit?
2. Ang iyong bahay ay malapit sa paaralang iyong pinapasukan ngunit nakaugalian mo nang sumakay sa *pedicab* tuwing ika'y uuwi. Isang araw, paglabas mo ng paaralan, nakita mo ang isang matandang pulubing namamalimos. Ang perang natira sa iyo ay pamasaha mo na lamang pauwi. Ano ang gagawin mo? Bakit?



Tayahin

A. Panuto: Isulat sa *graphic organizer* ng mga lipon ng mga salita na nagpapakita ng pagpapaubaya ng pansariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa. Gawin ito sa sagutang papel.

- pagtulong sa matanda sa pagtawid
- pagbabahagi ng baong pagkain sa mga batang nasa lansangan
- pag-aaruga sa mga may kapansanan sa libreng oras
- pagpapabaya ng mga anak sa mga matatanda na magulang
- pag-uuna sa gawaing bahay kaysa paglalaro
- pagbibigay abuloy sa kapitbahay na namatayan



B. Panuto: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapaubaya ng pansariling kapakanan para sa kabutihan ng iba at **M** naman kung hindi ito nagpapakita ng pagpapaubaya.

1. Nagtatabi si Landon ng pera mula sa kanyang pang meryenda upang makabigay ng tulong sa mga nasalanta ng bagyo.
2. Inuuna ni Grace na bantayan ang bunsong kapatid kaysa pakikipaglaro sa mga kaibigan.
3. Ibinibigay ng batang lalaki ang inuupuang silya sa matandang dumating.
4. Pinauuna sa pila ang isang buntis na nakapila sa hulihan ng linya.
5. Tinatanggi ang mga nanghihingi ng tulong



Karagdagang Gawain

A. Pagninilay: Modelo ng Pagmamalasakit sa Kapuwa

Narito ang ilang Pilipino na nagpakita ng pagmamalasakit sa kapuwa at sa bayan. Basahin ang kanilang kuwento. Pagkatapos ay sagutin mo ang kaugnay na mga kasagutan.

Si **Camilo Osias** ay nakilala sa maraming larangan. Siya ay naging guro, mambabatas, manunulat, at makabayang lider na tumulong na maibigay sa mga mamamayang Pilipino ang kalayaan ng bansa.

Si **Jose Rizal** ay isa sa mga tao na lumaban para sa kalayaan ng mga Pilipino. Ang paglaban niya ay hindi sa paggamit ng espada o pagkuha ng buhay ng isang tao, ginamit niya ang kaniyang panulat para mabuksan ang mga mata ng mga Pilipino

Nang dumating ang mga Amerikano sa Leyte sa pamumuno ni **Heneral Douglas McArthur**, itinaya ni Valeriano Ibañez Abello ang kanyang buhay upang maituro sa mga Amerikano sa pamamagitan ng *semaphore flag signaling* kung nasaan ang mga Hapon. Dahil dito, nailigtas ni Abello ang libo libong buhay ng kanyang mga kababayan.

Mga Tanong: Isulat ang iyong sagot sa *journal notes*.

1. Sino sa kanilang tatlo ang nais mong gawing huwaran sa pagmamalasakit sa kapuwa? Bakit? (Pumili lamang ng isa)

2. Sa iyong pinili (*batay sa iyong sagot sa unang tanong*) ano-anong kilos ng pagmamalasakit ang nakaantig sa iyong puso? Bakit?

3. Paano mo siya (*batay sa iyong sagot sa unang tanong*) tutularan sa pagmamalasakit sa kapuwa?

Maaring gawing gabay ang *Rubrics* sa ibaba (puwede ring lumikha ang guro ng sariling *Rubrics* batay sa kakayahan o pangangailangan ng mag-aaral)

Kraytirya/Pamantayan sa Pagsasagawa ng Pagninilay	(Puntos)			
	10		8	6
1. Nilalaman/Sagot - May kaugnayan sa paksa - Makatotohanan - Kompleto ang mga bahaging hinihingi	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.		Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
2. Malikhaing Presentasyon - Organisado/maayos na pagkakasunod-sunod sa mga datos - Maayos, malinis/malinaw - May orihinalidad	Lahat ng pamantayan ay naipamamalas.		Dalawa lang sa mga pamantayan ay naipamamalas.	Isa lang sa mga pamantayan na naipamamalas.
3. Timeliness	Naisasagawa/naipapasa bago o ayon sa takdang panahon		Naisasagawa/naipapasa dalawang lingo pagkatapos ng takdang panahon	Naisasagawa/naipapasa ng lagpas sa dalawang lingo pagtakatos ng takdang panahon
Kabuuan	10-	100%	8.5-8.9	93%
	9.5-9.9-	99%	8.0-8.4	90%
	9.0-9.4	96%	7.4-7.9	87%
			7.0-7.4%	84%
				6.5-6.9
				81%
				6.1-6.4
				78%
				6.0
				75%



Baitang: _____ Markahan: _____ Gawain: _____ Kasanayan sa Pagkatuto: _____

RUBRIC SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Karagdagang Gawain

A Tayahin -pagtulong sa matanda sa pagtawid -pagbabahagi baong pagkain sa mga batang nasa lansangan -pag-aaruga sa mga may kapansanan sa libreng oras -pag-una sa gawing bahay kaysa paglalaro -pagbibigay abuloy sa kapitbahay na namatayan	Isagawa (Maaring magkaiba-iba ang sagot) - Hahatian ang kaklase ng dalang baon para hindi siya magutom. - Ibibigay ang natitirang pera. Mas kailangan ng pulubi	Tuklasin (Maaring magkaiba-iba ang sagot) - Pagmamalasakit sa kapuwa - Maaaring iba-iba kung nakatutulong sa iba. - Opo, dahil mabuti kung kapuwa ay pagpauubaya sa sariling kapakanan para sa kabutihan - Masaya - Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay pagpauubaya sa sariling kapakanan para sa kabutihan
B Tayahin A. T B. T C. T D. T E. M	Isaisip A. Ako si (pangalan ng batang sumagot) B. ... tutuparin ko ng mahusay ang aking mga tungkulin C. ... makapagbahagi ng aking talento, yaman at kakayahan D. ... tuwina ang kabutihan ng aking kapwa	Balikan - Ibinigay ng bata ang kaniyang upuan sa matanda. - Masaya/matuwa dahil may nag-aalala/nagmamalasakit sa Opo, pagmamalasakit sa kapuwa/ pagmamahal/paglilingkod - Opo, pagmamalasakit sa aalala/nagmamalasakit sa Opo, pagmamalasakit sa kapuwa/ pagmamahal/paglilingkod
Pagyamanin - C - A - A - B - D	Subukin - Oo - Oo - Oo - Hindi - Oo - Oo - Oo - Oo - Oo - Oo	

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph